
# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN IV**



# MODYUL 12

## SEKTOR NG AGRIKULTURA, INDUSTRIYA AT PANGANGALAKAL

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 12
# SEKTOR NG AGRIKULTURA , INDUSTRIYA AT PANGANGALAKAL

Magandang araw sa iyo. Handa ka na ba sa pagsisimula ng bagong Modyul? An gating modyul ay tungkol sa pag-aaral ng tatlong mahahalagang sector ng ekonomiya: agrikultura, industriya at pangangalakal. Pamilyar ka ba dito? Sa araw araw nating Gawain, marami tayong mga ginagamit na bagay upang matugunan an gating mga pangangailangang material. Naisip mo ba kung sino sino ang gumagawa nito? Iyan ay masasagot sa pag-aaral natin ngayon dahil ang mga sector na ating pag-aaral ngayon ang siyang nangangalaga sa mga produksyon ng mga pangunahing kagamitan. Dito attalakaying ang mahahalgang papel na ginagampanan ng mga sector na nabanggit sa pambansang ekonomiya. Susuriin din natin ang mga suliraning kinakaharap nito at mga programa at patakaran upang malutas ang mga suliranin at mapaunlad ang ekonomiya. Kaya magsimula na tayo!

May apat na araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Ang Sektor ng Agrikultura at ang Bahaging Ginagampanan Nito sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya
- Aralin 2: Dahilan at Epekto ng Suliranin ng Sektor Agrikultura
- Aralin 3: Ang Sektor ng Industriya at Pangangalakal: Bahaging Ginagampanan sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya
- Aralin 4: Dahilan at Suliraning ng Sektor Industriya at Pangangalakal

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Natutukoy ang bumubuo sa sector ng agricultura;
2. Naipaliliwanag ang bahaging ginagampanan ng sector na agricultura sa ekonomiya;
3. Nasusuri ang dahilan at epekto ng suliranin ng sector agricukltura;

4. Nailalarawan ang bumubuo sa sector ng industriya at pangangalakal;
5. Natatalakay ang bahaging ginagampan ng sektor industriya at pangangalakal; at
6. Naitataya ang mga dahilan at epekto ng suliranin ng sector industriya at pangangalakal.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

I. Panuto. Piliin ang tamang sagot sa mga tanong.

1. Ang karaniwang produkto na matatagpuan sa sector ng agrikultura ay iyong mga produktong :
   A. sekundarya.
   B. dumaan na sa pagproproseso.
   C. primarya
   D. nilikhang produkto.

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi nabibilang sa sector agricultura?
   A. paghahalaman.
   B. pangingisda.
   C. pagsasaka.
   D. pagmimina.

3. Upang mapigilan ang pagbaba ng bilang ng mga kalabaw, itinatag nang Philippine Carabao Center na mangangasiwa ng pagpaparami at pagpapaunlad ng populasyon ng kalabaw bilang katulong sa pagsasaka at pinagkukunan ng karne, gatas at katad. Ito ay ang Batas
   A. Batas Republika Bilang 7307.
   B. Batas Republika 6675.
   C. Batas Republika 1288.
   D. Batas Republika 7110

4. Alin sa mga uri ng pangingisda ang may pinakamalaking naitala sa kabuuang produksyon ng pangisdaan sa Pilipinas?
   A. Pangingisdang komersyal.
   B. Pangingisdang munisipal.
   C. Pangingisdang aquaculture
   D. Pamamansing.

5. Ano ang tungkulin ng sector ng agrikultura ?:
    A. Sinsuplayan nito ng pagkain at mga hilaw na sangkap ang mga industriya.
    B. Namamahala ang sector na ito sa sa pagproproseso ng mga hilaw na material upang ito ay maging isang produkto.
    C. Ito ang sector na lumilikha ng serbisyo para sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa
    D. Nangangalaga ito ng pagpapalitan ng mga kalakal at serbisyo sa loob at labas ng bansa.

6. Alin sa mga sumusunod ang epekto ng mabilis na pagkaubos ng mga kagubatan?
    A. Erosion ng mga lupain at pagbaha.
    B. Pagkaubos ng mga puno at watershed.
    C. Nawawalan ng tirahan ang mga hayop.
    D. Lahat ng nabanggit.

7. Ano ang nagiging epekto ng di pantay na pagmamayari ng lupain sa pagsasaka?
    A. Hindi nagagamit ang pondo ng mayayaman para sa industriya.
    B. Hindi napapalawak ang kalakalang panloob
    C. Hindi nahihikayat ang mga magsasaka na paunlarin ang pagsasaka.
    D. Hindi nagagamit ang mga binhi at pataba nang maayos.

8. Alin sa mga sumusunod ang suliraning sa sector industriya?
    A. Kakulangan ng mga pasilidad at imprastraktura sa kabukiran.
    B. Kakulangan ng suporta ng iba pang sektor
    C. Pagkaubos ng likas na yaman
    D. Kakulangan ng pondo o capital ng mga namumuhunan.

9. Sa pamamaraang ito, itinutuon ang pagsuporta sa pagpapatupad ng makabuluhang reporma sa lupa at pagbibigay ng tulong at paglilingkod tulad ng pagtatayo ng sistema ng patubig, daan, *post-harvest facilities,* pagpapautang at pagsasanay sa mga magsasakang napiling benipisyaryo
    A. Reporma sa Lupa.
    B. Key production Approach.
    C. Tulong Gintong Ani.
    D. Pakikiisa sa World Trade Organization.

10. Ang lahat maliban sa isa ay ahensiya ng pamahalaan na tumutulong sa pagpapaunlad ng agrikultura:.
    A. Department of Finance.
    B. DENR.
    C. National Food Authority.
    D. Department of Agriculture.

11. Alin sa mga sumusunod ang nabibilang sa sector ng pangangalakal?
    A. pagtitingi
    B. pagmimina.
    C. konstruksyon.
    D. pagmamanupaktura

12. Saang antas o uri ng produksyon nabibilang ang repacking at asembol ng mga gamit?
    A. Produksyong mala-industriyal.
    B. Maliitang produksyon.
    C. Katamtaman Hanggang sa Malakihang produksyon.
    D. ilang gawaing pagmamanupaktura.

13. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na katamtaman produksyon?
    A. Paggawa ng asero.
    B. Paggawa ng sirang payong.
    C. Paggawa ng banana chips.
    D. Malawakang paggawa ng mga garments.

14. Dito sa proyektong ito, maaring humiran ng capital ang sino mang nagnanais magnegosyo ukol sa produksyon ng pananamit, sapatos, metal at mga produktong gawa sa leather.

A. Tulong sa Tao.
B. Gintong Ani.
C. Negosyete.
D. Build Operate Transfer.

15. Naniniwala ang PIlipinas na  higit na lumaki ang pagkakataon ng bansa na makipagkalakalan sa pandaigdigang pamilihan at maganyak ang mga local na tagagawa na maging mahusay at maipakita ang kakayahan sa larangan ng kainamang kapakinabangan kung makikibahagi ang ating bansa dito


A. World Bank.
B. International Monetary Fund.
C. Wold Trade Organization (WTO).  .
D. Pandaigdigang Kalakalan.

**ARALIN 1**

**ANG SEKTOR NG AGRIKULTURA AT ANG BAHAGING GINAGAMPANAN NITO SA PAGPAPAUNLAD NG EKONOMIYA**



Kumusta ka na? Handa ka na ba sa talakayan natin ngayon? Nasubukan mo na bang mamasyal sa mga probinsiya? Nakita mo ba ang malalawak na taniman at ang mga magsasaka na nagtatrabaho doon? Nasisip mo ba kung ano ba ang nagagawa n gating mga magsasaka? Iyon at ang iba pangkasagutan an gating pag-aaralan sa araling ito.Pag-aaralan natin dito ang sector ng agrikultura at ang bahaging ginagampanan nito sa pag-unlad ng ating ekonomiya.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natutukoy ang mga sector na bumubuo sa agrikultura; at
2. Nasusuri ang bahaging ginagampanan ng pagsasaka, pangingisda at paggubat.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Maari mong igrupo ang mga gawaing magkakasama? Ano ano ang tawag sa mga sector na kinabibilangan nila?

| | |
|---|---|
| paghahayupan | pagmimina |
| paggugubat | paggawa sa pabrika |
| pagtatanim/ pagsasaka | pagtitinda at pagtitingi |
| panggagamot | pagtatrabaho sa pamahalaan |

Maraming sector ang bumubuo sa ating ekonomiya. Batay sa iyong sagot, nariyan ang sector pang agrikultura at ang sector ng industriya at pangangalakal. Mayroon din tayong sector panserbisyo at pampubliko. Mayroon din tayong tinatawag na impormal na sector na siyang kinabibilangan ng napakaraming grupo ng taong nagnenegosyo subalit hindi naitatala. Ano nga ba ang kanilang gampanin sa lipunan?

Isang pangunahing sector ng ekonomiya ang agrikultura. Ang sector agrikultura ay binubuo ng espesyalisasyon at gawaing pamproduksyon na nababatay sa heyograpiya o lokalidad at pisikal na aspeto ng isang lugar. Dito nagkakaroon ng kasanayan ang mga tao batay sa kanilang kapaligiran at ang nagiging uri ng hanapbuhay ay nakatuon sa mga gawaing dulot ng kalikasan. Karaniwang ang produkto ay iyong tinatawag na produktong primarya, o mga likas na produkto at hilaw na sangkap na galling sa kalikasan at hindi pa dumadaan sa pagproproseso. Ito ang dahilan kung bakit tinatawag din ang sector na ito na *sector primarya*. Malaking bahagdan ng ating ekonomiya ay nabibilang pa rin sa sector ng agrikultura. Sinasabing ito ang sector na nagtataguyod sa malaking bahagi ng ekonomiya dahil ang lahat ng sector ay umaasa sa agrikultura upang matugunan ang suplay ng pagkain ng bansa at mga hilaw na kagamitan na kailangan sa industriya. Nahahati ang sector ng agrikultura sa paghahalamanan, paghahayupan, pangingisda at panggugubat

- ***Paghahalamanan.*** Maraming mga pangunahing pananim ang bansa tulad ng ang palay, mais, niyog, tubo, saging, pinya , kape, mangga, tabako at abaka. Ang mga pananim na ito ay iniluluwas sa ibang bansa . Itinatayang noong 2001, umaabot sa P 287.43 bilyon ang halaga ng palay, mais at iba pang pangunahing pananim ng Pilipinas. Kasama rin sa paghahalaman ang produksyon ng gulay, halamangugat at halamamng mayaman sa hibla (fiber) sa gawaing pang-agrikultura ng bansa. Ilang halimbawa nito ang pagtatanim ng mani, kamoteng kahoy, kamote, bawang, sibuyas, kamatis, repolyo, talong, kalamansi. Mahalaga rin ang naitutulong ngmga produktong ito sa ekonomiya.

- ***Paghahayupan*.** Ang pagahahayupan naman ay binubuo ng pag-aalaga ng kalabaw, baka, kambing, baboy, manok at pato. Ang paghahayupan ay nakatutulong sa pagsuplay ng ating mga pangangailangan sa karne at iba pangpagkain. Upang mapigilan ang pagbaba ng bilang ng mga kalabaw, itinatag ng Batas Republika Bilang 7307 ang Philippine Carabao Center na mangangasiwa ng pagpaparami at pagpapaunlad ng populasyon ng kalabaw bilang katulong sa pagsasaka at pinagkukunan ng karne, gatas at katad. Ang paghahayupan ay gawaing pangkabuhayan na kinabibilangan ng ating mga tagapag-alaga ng hayop. Mayroon din mga pribadong korporasyon na nasa ganitong hanap buhay.

- ***Pangingisda*.** Itinuturing ang Pilipinas bilang isa sa mga pinakamalaking tagatustos ng isda sa buong mundo. Katunayan ang isa sa pinakamalaking daungan ng mga huling isda ay nasa ating bansa. Maaring ang pangingisda ay pangingisdang komersyal, munisipal at *aquaculture.* Sa mga ito, ang *aquaculture* ang pinakamalaki ang naitala sa kabuuang produksyon ng pangisdaan na 87.80 bilyong tonelada (42.74 bahagdan) noong 2001. Kasunod nito ang pangisdaang munisipal (30.84 bahagdan) at komersyal (26.79 bahagdan). Bahagi rin ng pangingisda ang panghuhuli ng hipon at sugpo, kasama na rin ang pag-aalaga ng mga dmaong dagat na ginagamit sa paggawa ng gulaman**.**

- ***Paggugubat*** . Ang paggugubat ay isang pangunahing pang-ekonomikong gawain sa agrikultura. Patuloy na nililinang nating ang ating mga kagubatan bagamat tayo ay nahaharap sa suliraning ng pagkaubos ng ating kagubatan. Mahalaga kasi itong pinagkukunan n g ating supaly ng plywood, table, torso at veneer. Bukod sa mga nabanggit na produkto, pinagkakakitaan din ang mga produktong na hindi kahoy tulad ng rattan, nipa, anahaw, kawayan, pulot-pukyutan at dagta ng almaciga.

**Kahalagahan ng Agrikultura**

Ang inilalaki at iniuunlad ng isang pambansang ekonomiya ay nababatay sa paglaki at pagtaas ng kita ng sector ng ekonomiya. Bakit kailangang pagtuunan ng pansin ng pamahalaan ang sector ng agrikultura? Ano ang naitutulong nito sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa? Ang kasagutan sa tanong ay ito: Napakalaki! Tunghayan natin ang ilan sa tungkulin ng agrikultura sa pag-unlad ng bansa ( Ekonomiks: Teorya at Aplikasyon: Cruz et.al)

1. **Ang agrikultura ay pangunahing pinagmulan ng hanapbuhay**. Malaki ang bahagdan ng populasyong na nabibilang sa sector agrikultura. Pangunahing pinagkukunan ng mga mamamayan ng umuunlad na mga bansa ang agrikultura para sa suplay ng pagkain at hilaw na material. Karaniwan itong ang pinagkukunan ng kabuhayan ng maraming tao dahil hindi gaanong kailangan ng pagsasaka ng kapital, lakas paggawa at karunungang teknikal.


2. **Pinagkukunan ng Pagkain at Materyal sa mga Industriya.** Sinusuplayan ng agrikultura ng pagkain at iba pang pangangailangan ng mga tao. Ito rin ang pinanggagalingan ng mga hilaw na sangkap upang mapatakbo ang industriya. Halimbawa, kailangan ng produksyon ng goma para sa industriya ng gulong; bulak at halamang mayaman sa hibla para sa tela at sinulid; kahoy para sa mga muwebles; at dahon at ugat para sa pagkain, kemikal o gamut.

3. **Nagsisilbing 'Market' o Pamilihan ng mga Produkto sa Industriya.** Sa isang maunlad na ekonomiya, ang kitang nagmumula sa agrikultura ay nagiging daan sa pagtaas ng kita ng mga magsasaka, nakabibili sila ng mga produkto na ginagawa ng mga industriya tulad ng makinarya sa pagsasaka, abono, damit, gamut at maging mga produktong pagkain na hindi nagmumula sa pagsasaka. Dahil may tuwirang poamilihan ang mga induastriya, tataas ang mga kita at magiging matatag ang sector ng industriya.

4. **Pinagkukunan ng Kitang Panlabas.** Pangunahing iniluluwas ng mga umuunlad na bansa ang mga produktong agricultural. Nagluluwas ang Pilipinas ng kopra, hipon, prutas, abaka at mga hilaw na sangkap upang madagdagan ang ating panlabas na kita. Nagsisilbi rin ang agrikultura na batayan ng mga dayuhang namumuhunan sa pakikipagkalakalan sa isang bansa. Kung mataas ang produksyon ng agrikultura, nahihimok ang mga dayuhang kapitalista na makipagkalakalan dito.


5. **Pinagkukunan ng Karagdagang Tulong ng Ibang Sektor ng Ekonomiya.** Nagsusuplay ang sektor ng agrikultura ng karagdagang pondo tulad ng kapital o lakas-paggawa sa ibang sektor ng ekonomiya. Maaaring malipat sa ibang sektor ang kitang nagmumula sa agrikultura sa pamamagitan ng mga buwis na ibinabayad ng mga magsasaka o sa kanilang pagiimpok sa bangko. Ginagamit ang mga kitang ito sa pagtatayo ng negosyo.

Mahalaga ang papel ng sector agrikultura. Nararapat lamang na paunlarin ito upang mas lalong mapalaki ang kapakinabang na magmumula dito. Maraming paraan upang mapaunlad ang agrikultura. Ito ang isa sa magiging paksa sa susunod na aralin.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Batay sa ating talakayan, punan ang mga boxes ng ibang ibang kabuhayang nabibilang sa sector agricultura



1. Magbigay ng isang paglalahat tungkol sa papel na ginagampanan ng sector ng agrikultura sa pagpapaunlad ng ekonomiya. ______________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang sector ng agrikultura ang nagtataguyod sa malaking bahagi ng ekonomiya na umaasa sa agrikultura upang matugunan ang suplay ng pagkain ng bansa at mga hilaw na kagamitan na kailangan sa industriya.
- Ang sector ng agrikultura ay binubuo ng paghahalamanan, paghahayupan, pangingisda at panggugubat.
- Mahalaga ang sector ng agrikultura dahil:
  - Ang agrikultura ay pangunahing pinagmulan ng hanapbuhay
  - Pinagkukunang ng pagkain at gamit material sa industriya
  - Nagsisilbing market o pamilihan sa produkto ng industriya
  - Pinagkukunan ng kitang panlabas
  - Pinagkukunan ng tulong ng ibang sektor



**Gawain 3: Paglalapat**

Humanap ng mga datos sa mga aklat, magazine o pahayagan na nagpapakita ng pangunahing produkto at pagkakakitaan sa agrikultura sa iyong sariling lalaliwagan o rehiyon. Suriin kung ano ang nagiging kontribusyon ng iyong lalawigan sa pambansang ekonomiya sa sector ng agrikultura.

**ARALIN 2**

**DAHILAN AT EPEKTO NG SULIRANIN NG SEKTOR AGRIKULTURA**

Matapos nating pag-aralan sa unang aralin ang kahalagahan ng agrikultura, bigyang pansin naman natin ang mga suliraning kinakaharap nito. Dito sa Aralin 2 ay tatalakayin din ang mga nagging epekto ng mga suliraning sa pangkalahatang kalagayan ng sector agrikultura. Sa banding huli, sisikapin nating matukoy ang mga paraan upang mapaunlad ang sector na ito.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natutukoy ang mga suliraning kinakaharap ng sector agrikultura;
2. Nasusuri ang mga dahilan at epekto ng mga suliranin sa sector agrikultura; at
3. Natatalakay ang iba't ibangprograma at patakaran na makakatulong sa sector agrikultura

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Masdan ang larawan ng isang magsasaka. Magbigay ka nga ng kadalasang mga salita ang pumapasok sa isipan natin kapag pinag-uusapan ang magsasaka? Bakit kaya kadalasan ay iniisip natin na ang isang magsasaka ay mahirap, naghihikahos, at maraming suliranin? May kinalaman kaya dito ang kabuuang kalagayan ng pagsasaka sa Pilipinas? Anu ano ang mga suliraning kinakaharap ng sector na ito?



**Mga Dahilan at Epekto ng mga Suliranin sa Sektor ng Agrikultura**

Malawak ang kontribusyon ng agrikultura sa ating pambansang ekonomiya. Subalit maraming suliranin ang kinakaharap nito. Dahil dito, unti-unti nang bumababa ang kontribusyon nito sa kabuuang GNP ng bansa. Maraming dahilan kung bakit nagging mabagal ang pagsulong ng sector na ito. Ilan sa mga ito ang sumusunod:

1. **Mabilis na Pagkaubos ng mga likas na yaman lalung lalo na ng kagubatan.** Malawakan ang paggamit ng ating mga likas na yaman. Mabilis na nauubos ito dahil s amga pangangailangan ng mga hilaw na material sa paggawa. Isa na rito ang mga troso at mineral. Patuloy ang pagkaubos ng mga kagubatan. Dahil dito, kumokonti ang suplay ng mga hilaw na sangkap na ginagamit ng mga industriya. Sa pagkawala ng mga kagubatan, nawawalan ng tirahan ang mga hayop kaya hindi sila makapagparami. Nagiging sanhi rin ito ng pagbaha na sumisira sa libu-libong ektaryang pananim taun-taon. Naapektuhan din ng pagkaubos ng mga *watershed* ang suplay ng tubig na ginagamit sa irigasyon ng mga sakahan. Ang pagkaubos ng kagubatan ay nagdudulot rin ng erosion ng lupa. Dahil sa kawalan ng mga puno, natatangay ng agos ng tubig ang lupa sa ibabaw, kasama ang sustansya nito. Hindi nagiging produktibo ang mga pananim na itnatanim dito.

2. **Pagbibigay Prayoridad sa sector Industriya.** Prayoridad ng pamahalaan ang paglalabas ng mga kalakal sa pandaigdigang pamilihan. Dahil dito isinusulong ng pamahalaan ang pagpapaunlad ng sector industriya. Mas binibigyan ng pamahalaan ng maraming proteksyon at pangangalaga ang industriya. Dahil dito, nawawalan ng mga manggagawa at mamumuhunan sa agrikultura. Mas pipiliin pa nila ang pumunta sa industriya dahil sa mga insentibo dito. Bunga nito, bumaba ang produskyon at tubo sa agrikultura.

3. **Ang Di pantay pantay na pagmamay-ari ng lupang pansakahan** . Nananatiling suliraning ng ating bansa ang sistema ng pagmamay-ari ng mga lupain. Malaking bahagdan ng mga lupain ay nasa kamay pa rin ng mga panginoong may lupa. Bagamat may repormang pansakhang pinaiiral ang pamahalaan, nananatiling maliit ang porsyento ng mga magsasaka na nagmamay-ari ng lupa. Dahil dito, hindi nahihikayat ang mga magsasaka na pag-ibayuhin ang pagsasaka upang tumaas ang produksyon. Malaki rin ang kakulangan ng karaniwang magsasaka sa pondo upang makapagpundar ng mga abono, binhi at iba pang gamit. Isang suliranin din ang pagpapaabot ng pautang at tulong panteknolohiya sa mga magsasaka upang kanilang matutunan ang makabagong pamamaraan ng pagsasaka.

4. **Pangangailangan sa Paggamit ng Teknolohiya.** Ang mga lupain na para sa pagsasaka ay lumiliit dahil na rin sa paglawak ng mga panirahan, komersyo at industriya. Dahil dito, kinakailangan na mapalakas ang produktibo ng mga natitirnag lupain sa agrikultura. Upang maisagawa ito, kailangan ng matinding paggamit ng sangkap ng produksyon upang maging produktibo ang mga lupain. Dito papasok ang teknolohiya. Mahalaga ang teknolohiya sa pagpapataas ng produksyon. Sa kasalukuyan ay mababa pa ang antas ng teknolohiya na ginagamit sa agrikultura. Nangangailangan ng modernisasyon ng agrikultura upang maisagawa ito. Maraming kakaulangan ang ating pagsasaka lalung lalo na sa paggamit ng mga pataba, pamuksa ng peste at makabagong teknolohiya sa pagtatanim. Kung hindi matutugunan ito, mananatiling mabagal ang pag-unlad ng agrikultura

5. **Kakulangan ng mga pasilidad at imprastraktura sa kabukiran.** Ang suliranin ng agrikultura ay bung na rin ng kakulangan s amga pasilidad at istruktura na tutulong sa agrikulturaupang mapabilis and pagunlad nito. Halimbawa, maraming lugar sa kanayunan ang kulang ang suplay ng patubig lalo na sa panahon ng tagtuyot. Dahil dito, kinakailangan ng mahusay na sistema ng irigasyon o patubig. Kailangan din ng mga daanan

na magpapabilis ng daloy ng mga kalakal at produkto mula sa bukid patungo sa pamilihan. Ito rin ay mahalaga upang mababa ang gastos ng mga magsasaka sa pagdadala ng kanilang prudkto sa pamilihan. Ang mga pasilidad para sa pagpapatuyo at pagproproseso ng butil at maayos na imbakan ng mga produkto ay kamahalaga rin.

6. **Kakulangan ng suporta mula sa iba pang sector.** Marami pang pangangailangan sa agrikultura na kailangan nag suporta ng iba pang sector ng ekonomiya. Ang mga maliliit na magsasaka ay nangangailangan ng pondo upang makabili ng mga input tulad ng mga butil, kasangkapan, traktora at mga pataba. Ang kawalan ng mga ahensiyang magpapautang ng pambili ng mga bagay na ito ang nagtutulak sa mga magsasaka na mangutang sa mga usurero na nagiging dahilan ng pagkakabaon nila sa utang. Kung mayroong mga ahensiya na magbibigay ng subsidyo sa pagbili ng mga traktora, baba ang gastos sa pagsasaka at magiging daan sa pagmomodernisasyon ng pagsasaka.

**Mga Patakaran at Programa Upang Mapaunlad ang Sektor ng Agrikultura**

Dahil sa sinasabing “ backbone” o gulugod ng ekonomiya ng bansa ang agrikultura, mahalaga na mapaunlad ang sector agrikultura. Kung mapapataas ang produksyon sa agrikultura, mapapataas din ang kita ng mga taong nabibilang sa sector na ito. Sa gitna ng mga suliraning, sinisikap ng pamahalaan at ng pambansang ekonomiya na mapataas ito. Isang patakarang ipinatutupad ng pamahalaan ang industriyalisasyon sa mga gawaing pansakahan. Malaking bahagi ng patakaran ng *Medium-Term Philippine Development Plan* ay ang pagpapaunlad ang agrikultura sa sumusunod na pamamaraan:

1. ***Key Production Approach.*** Sa pamamaraang ito, itinutuoon ang pagsuporta sa pagpapatupad ng makabuluhang reporma sa lupa at pagbibigay ng tulong at paglilingkod tulad ng pagtatayo ng sistema ng patubig, daan, *post-harvest facilities,* pagpapautang at pagsasanay sa mga magsasakang napiling benipisyaryo. Ito ang mga itinuuring na mga mahahalagang sector ng agrikultura na higit na madaling linangin at makapagbibigay ng malaking kita sa mga manggagawa sa sector agrikultura.
2. **Paglahok sa Pandaigdigang Kalakalan.** Dahil sa mabilis na globalisasyon , kinakailangan ng pamahalaan na maisakatuparan ang mga sumusunod na pagbabago at programa sa agrikultura: pagtataguyod ng repormang pansakahan ibayong pangangasiwa nang epektibo sa mga proyektong pangisdaan, pagsasaka at paggubat, palawakin ang pagtatayo ng mga imprastraktura sa mga lalawigan, pagtatanim ng iba't ibang klaseng mga pananim, pagtingkilik sa produktong Filipino, pangangalaga sa kapaligiran, pagpapatupad sa mga programang nagbibigay ng alternatibong kabuhayan sa mga umaasa sa paggugubat, pagpapaunlad ng mga programa sa edukasyon at kalusugan upang mapaunlad ang antas ng kabuhayan ng mga manggagawa sa agrikultura.

Marami rin mga patakarang pang-ekonomiya na may direktong epekto sa kalagayan ng sector agrikultura tulad ng pagtataas ng kalidad ng mga iniluluwas na produkto upang makapagpaligsahan ang mga ito ang mga dayuhang produkto.

Isa pa ring programang gumagamit ng mga pamamaraang ito ang *Gintong Ani* na nakatuon sa pagpapalawak ng pangisdaan, paghahayupan at produksyon ng palay, mais at iba pang pananim na mataas ang halagang pangkomersyal.

**Mga Instituyon at Ahensiya ng Pamahalaan**

Ang mga proyekto ng pamahalaan kaugnay ng agrikultura ay pinamamahalaan at ipinatutupad ng mga ahensiya ng pamahalaan tulad ng Department of Agriculture (DA), Department of Agrarian Reform (DAR),


Department of Environment and Natural Resources (DENR), Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), National Irrigation Administration (NIA), National Food Authority (NFA) at iba pang ahensya .

Sa usapin ng pamamahala, pangangalaga at pagpapaunlad ng kagubatan, ang DENR ang nangungunang ahensya . Ito ang ahensiya na nagsasagawa ng mga operasyon nito sa kagubatan sa tulong ng mga ahensya tulad ng Forest Management Bureau (FMB), Protected Areas and Wild life Bureau (PAWB) at National Mapping and Resources Information Authority (NAMRIA). Pangunahing pananagutan ng DENR ang mga programa sa paggugubat. Naging mabilis ang pagpapatupad sa mga programang ito bunga ng paglulunsad ng mga proyektong tulad ng *industrial tree Plantation* o taniman ng puno para sa industriya, sama-samang taniman ng mga puno at Program for Forest Ecosystem Managent (PROFEM). Ilansa mga gawain nito ang pagtatanim ng mga punong ornamental at namumunga sa mga paaralan, kampo, tabi ng mga pangunahing lansangan at sa mga kalbong kagubatan, pagtatayo ng mga *nursery* para sa mga halaman at puno, mga parkeng pasyalan at mga plantasyon ng puno sa sariling bakuran. Bahagi rin ng programa sa pagpapunlad ng kagubatan ang mga rehabilitasyong ng mga watershed, kampanya laban sa pagkakaingin, pamamahala sa mga naninirahan sa kagubatan at illegal na pagtotroso. Sa usapin naman ng pangisdaan, ang BFAR ang namamahala, nagpapatupad at tumitiyak upang magamit nang maayos ang mga pangisdaan at yamang tubig ng bansa. Ang BFAR din ang namamahala sa mga programa ukol sa mga pangangalaga ng mga yamang tubig, pagpapataas ng produksyon ng isda at pagpapalawak ng serbisyo para sa mga mangingisda. Isa sa nangungunang daungan at pinakamalaking pamilihan ng isda sa Timog-Silangang Asya ang daungan ng pangingisda sa Navotas. Dito rin ang daungan ng mga barkong pangkomersyal na ginagamit sa pangingisda. Isang organisasyong itinatag noong 1967 na anim na bansa ang Southeast Asian Fisheries Development Center (SEAFDEC) na namamahala ng mga pananaliksik upang mapataas ang produksyon ng pagkain sa Timog-silangang Asya.

**Programa sa reporma sa Lupa**


Ang kawalan ng sariling lupa ang pangunahing dahilan kung bakit naghihirap ang karamihan sa magsasakang Filipino. Ang suliraning ito ay hindi bunga nga kakulangan ng lupain kung hindi ang di pantay pantay na pamamahagi ng mga lupain s abuong bansa. Ang reporma sa lupa ay isang programa ng pamahalaan na naglalayong mabago ang system ang pagmamay-ari ng lupain at mapaunlad ang buong istruktura o kaayusan ng pagsasaka. NIlalayon din nito ang pagtatatag ng isang progresibong pamamalakad sa lupa sa pamamagitan ng pamamahagi ng lupa at pagbibigay ng tulong-paglilingkod sa mga benisyaryo upang mapabilis ang antas ng kaunlaran sa mga pook-rural.

Nangunguna sa pagpapatupad ng programang ito ang DAR. Ito ang bumubuo ng mga patakaran, plano at plano at programa na nauukol sa reporma sa lupa. Itinatag din ang Land Bank of the Philippines upang matugunan ang pinansyal na pangangailangan ng programa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ngayong natalakay na natin ang mga suliranin at programang pansakahan, subukan nga natin kung mapapalalim pa nating ang mga natutunan natin sa araling ito. Ilagay sa mga kahon ang mga suliraning kinakaharap ng agrikultura




Pagtapatin ang mga titik at bilang na magkatugma. Tukuyin ang iba't ibang programa o ahensiya ng pamahalaan na tinutukoy sa hanay B.

| ***Hanay A*** | Sagot | ***Hanay B*** |
|---|---|---|
| **a. Gintong Ani** | | 1. Isang programa ng pamahalaan na naglalayong mabago ang system ang pagmamay-ari ng lupain at mapaunlad ang buong istruktura o kaayusan ng pagsasaka |
| **b. Repormang Pansakahan** | | 2. Ang namamahala, nagpapatupad at tumitiyak upang magamit nang maayos ang mga pangisdaan at yamang tubig ng bansa. |
| **c. Key Production Approach** | | 3. Nangungunang ahensiya sa pamamahala, pangangalaga at pagpapaunlad ng kagubatan |
| **d. SEAFDEC** | | 4. Programa na nakatuon sa pagpapalawak ng pangisdaan, paghahayupan at produksyon ng palay, mais at iba pang pananim na mataas ang |

| | | |
|---|---|---|
| | | halagang pangkomersyal. |
| **e. DENR** | | 5. Isang organisasyon na namamahala ng mga pananaliksik upang mapataas ang produksyon ng pagkain sa Timog-silangang Asya |
| **f. BFAR** | | 6. Pagbibigay ng tulong at paglilingkod tulad ng pagtatayo ng sistema ng patubig, daan, *post-harvest facilities,* pagpapautang at pagsasanay sa mga magsasakang napiling benipisyaryo |



**Tandaan Mo!**

- Ang mga suliraning kinakaharap ng sector agrikultura ay ang mga sumusunod:
  - Mabilis na Pagkaubos ng mga likas na yaman lalung lalo na ng kagubatan
  - Pagbibigay Prayoridad sa sector Industriya
  - Sistema ng Pagmamay-ari ng mga lupaing pansakahan
  - Pangangailangan sa Paggamit ng Teknolohiya
  - Kakulangan ng mga pasilidad at imprastraktura sa kabukiran
  - Kakulangan ng suporta ng iba pang sektor
- Ang mga proyekto ng pamahalaan kaugnay ng agrikultura ay pinamamahalaan at ipinatutupad ng mga ahensiya ng pamahalaan tulad ng Department of Agriculture (DA), Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Environment and Natural Resources (DENR), Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), National Irrigation Administration (NIA), National Food Authority (NFA) at iba pang ahensya.




**Gawain 3: Paglalapat**

Gumupit ng isang artikulo sa isang magazine o pahayagan tungkol sa isang tiyak na suliranin kaugnay ng sector agrikultura. Idikit sa isnag bond paper. Sa ibaba ng larawan ay Ibigay ang sariling puna tungkol sa dahilan nito. Magbigay din ng mungkahi kung paano malulutas ang suliraning ito.


**ARALIN 3**

**ANG SEKTOR NG INDUSTRIYA AT PANGANGALAKAL:**

**BAHAGING GINAGAMPANAN SA PAGPAPAUNLAD NG EKONOMIYA**



Napapansin mo ba ang maraming mga pabrika at pagawaan na nakikita natin sa paligid. Napapansin mo rin ba ang mraming mga manggagawa na araw araw ay pumapasok sa mga pagawaan ng iba't ibang produkto. Napapansin mo rin ba ang mga inhinyero, engineer , accountant at iba pang mga propersyonal na ang pangunahing gawain ay nasa loob ng malalaking pagawaan at bahay kalakalan? Sila lahat ang bumubuo sa sector agrikultura at kalakalan Matapos nating matutunan ang tungkol sa sector agrikultura, pag-aaralan naman natin ang isa pang mahalagang sector, ang sector ng industriya at pangangalakal. Sisilipin natin kung ano ang  bumubuo sa sector na ito and itataya ang mahalagang bahaging kanilang ginagampanan sa ekonomiya .



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natutukoy ang mga bumubuo ng sector industriya at pangangalakal;
2. naipaliliwanag ang bahaging ginagampanan ng sector industriya at pangangalakal sa ekonomiya; at

3. naitataya ang kahalagahan ng teknolohiya at mga kasanayang pang-industriya sa pagsulong ng ekonomiya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin mo ang mga sumusunod na larawan. Paano kaya nalilikha ang mga ito? Sino-sino kaya ang gumagawa ng mga produktong ito at iba pang produkto na ginagamit natin sa araw araw? Saang sector nabibilang ang mga ito?














**Ang sector ng Industriya at Pangangalakal**

Ang isang mahalagang sector ng ekonomiya na namamahala sa sa pagproproseso ng mga hilaw na material upang ito ay maging isang produkto ay ang sector ng industriya**.** Ang industriya ay tumutukoy sa malawakang paglikha ng mga produkto at serbisyo na ibinebenta sa pamilihan. Masasabi na industriyal ang anumang produksyon na ang pangunahing layunin ay lumikha ng mga kalakal na ipinagbibili sa iba. Sa sector na ito, mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga pamilihan sa pamamahagi ng mga produkto at ginawang serbisyo. Kung ang isang produkto ay nilikha hindi lamang upang matugunan ang personal na pangangailangan ng lumikha nito kung hindi upang ipagbili ng maramihan, maituturing itong bahagi ng sector industriya. Isnag katangian ng industriya ay ang pagkakaroon ng antas na pagsasama sama o ugnayan ng mga iba pang sector. Ibig sabihin nito ay kung may kakayahang iproseso ang hilaw na materyales hanggang sa maging ganap na produkto ito. Bukod dito, kinakailangan din na may kakayahan ang sector na likhain ang lahat ng makinarya o kagamitan na kailangan upang magawa ang isang produkto. Kayat ang sector ng insudtriya ay nagsisimula sa pagkuha ng hilaw na materyales hanggangs sa aktwal na produksyon at distribusyon ng produkto.

Nahahati sa mga sumusunod ang sector ng industriya : a) pagmimina, b)pagmamanupaktura, c) konstruksyon at d)utilities tulad ng elektrisidad, gas at tubig.

a) Ang **Pagmimina** ay paraan ng pagkuha, pagpoproseso at pagbebenta sa pamilihan ng mga yaring produkto ng nakukuhang mga yamang-mineral, yamang di-metal at enerhiya na matatagpuan sa mga bundok, kapatagan, baybayin at mjaging sa karagatan. Halimbawa ng mga mineral ang *cadmium, chromite, cobalt, tanso,ginto, bakal, manganese, lead, mercury, molybdenum, nickel, palladium, pilak, uranium at zinc.* Mga halimbawa naman ng mga di-metal na mineral ang *asbestos, barite, fentonite,* semento,*diatomite, dolomite, feldspar, guano, gypsum, adobe, magnesite,* marmol, *mica, natural na gas, perlite, petrolyo, batong phosphate, pyrite,*

*aspalto, buhangin, sulfur at talc.* Ang mga mineral ay pumapaloob sa tatlong yugto ng a) pagkuha ng hilaw na sangkap, b)pagproproseso ng mga mineral upang maging produktong intermedya ( nangangailangan pa ng karagdagang pagproseso upang maging ganap na yaring rpodukto) and transpormayson ng produktong intermedya sa mga yaring produkto.

b) Ang **Pagmamanupaktura** ay tumutukoy sa pagbabagong anyo ng mga bagay na ginagamitan ng mga kemikal na pamamaraan upang makalikha ng isang produkto sa pamamagitan ng makina o kamay na isinasagawa sa pabrika o bahay. Pangunahing sa nalilikha nito ang mga pagkain na nagmumula sa hilaw na kagamitan. Nililikha din ng pagmamanupaktura ang mga produkto tulad ng mga pang-araw araw na gamit sa tahanan. Malaki ang naitutulong sa pagunlad ng industriya ng pagmamanupaktura ang pagtaas ng kalidad ng produkto,teknolohiya, pagbaba ng halaga ng gastos at mahusay na paraan ng paghahatid sa pamilihan.


c) Ang **konstruksyon** ay tumtukoy sa industriya ng pagtatayo ng mga tulay, kalsada, pagawaan, pabrika, gusali, mga tirahan at iba pang mga istruktura at imprastraktura. Ito ay itinuturing na mga fixed capital na kung saan ginagawa ang mga produkto. Sa pagdami ng mga namumuhunan sa Pilipinas, naitatayo ang mga pabrika at kalakalan sa Pilipinas. Dahil dito tumataas ang antas ng konstrukyon bunga na rin ng pangangailangan sa mga imprastraktura ng mga namumuhunan sa bansa.

d) ***Utilities*** ( kuryente, gas at tubig), Dahil sa matinding pangangailangan ng mga mamamayan ng mga batayang serbisyo para s atubig, kuryent at gas, kinakailangan na pag-bayuhin ang pagpapaunlad ng sub sector ng utilities. Tungkulin ng ekonomiya na tiyakin na nakalatag ang mga imprastraktura at mga teknolohiya na kailangan upang maihatid ang mga serbisyon ng tubig, kuryente at gas sa nakararaming mamamayan. Dito malaki ang papel na ginagampanan ng pamahalaan dahil upang mapatakbo at mapaunlad ang

sector na ito, kinakailangan ng malaking capital. May malaking responisbilidad ang pamahalaan na siguraduhin na nakaabot sa mga serbisyong ito sa nakararaming mamamayan.

Sa kabuuan, ang mga subsector ng industriya ay pawang mahalaga sa pag-unlad ng isang ekonomiya. Ang maayos na pamamahala at pagpapatakbo sa apat na subsector ay mangangahulugan ng karagdagang dami sa kapasidad ng ekonomiya na makalikha ng mga produkto at serbisyo na tutugon sa pangangailangan ng nakararaming Filipino. Nagmumula sa sector na ito ang 30% ng produksyon ng isang bansa. Nagbibigay din ito ng trabaho at Gawain sa may higit na labing anim na porsyento ng mga manggagawa. Bunga ng kita sa mga kalakal na gawa ng industriya na inilalabas sa ibang bansa, kumikita ang ekonomiya ng dolyar. Kung masigla at maunlad angs ektor ng industriya, mas makililikha ang ekonomiya ng mga kapakipakinabang na mga produkto at serbisyo para sa mga mamamayan. Ang patuloy na pag-unlad ng sektor ng ekonomiya ay maari ring magbigay daan sa paglikha ng mga bagong kagamitan na magpapahusay sa produksyon. Inaasahan sa pagdaraan ng panahon higit pa nating mapalakas ang kakayahang industriyal at makalikha ito ng mga produktong capital na makapagpapapabilis sa pagsulong ng ating produskyon. Kung malawak rin ang paggamit natin ng makinarya, mapapalaki rin natin ang “ dagdag halaga” o value added) na nalilikha sa paggawa ng mga produkto. Kung mas mataas ang antas ng proseso na gumagamit ng mag makabagong teknolohiya, mas mataas din ang halaga nito.

Kung nauukol ang sector ng industriya sa mga proseso ng paglikha, ang sector ng pangangalakal ay tumutukoy naman sa mga kalakalang panlabas at panloob. Ito ay maaring nasa anyo ng kalakalang pagtitingi o panlahatan. Kasama rin dito ang paghahatid, pag-iimbak at pamimili ng produkto.Mahalaga ang kalakalang panloob sapagkat nagbibigay ito ng hanapbuhay sa maraming manggagawa at nakatutulong sa pagbili ng mga produktong industriyal at agricultural.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Uriin ang mga sumusunod na produkto. Lagyan ng letra **A** kung ito ay nabibilang sa pagmimina, **B** kung ito ay pagmamanupaktura, **C** kung konstruksyon at **D** kung ito ay nabibilang sa utilities.

______ 1. serbisyo ng tubig
______ 2. pagkuha ng langis
______ 3. pagproproseso ng asbestos
______ 4. paggawa ng shampoo at sabon
______ 5. Pagbibigay ng kuryente
______ 6. canned foods
______ 7. pagtatayo ng mga tirahan
______ 8. paggawa ng kalsada
______ 9. pagbebenta ng mga bakal
______ 10. serbisyong telepono

Suriin ang talahanayan at pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na tanong:

Distribusyon ng produksyong industriyal , 1996-2000 (sa%)

| | 2000 | 1999 | 1998 | 1997 | 1996 |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagmimina | 0.96 | 1.09 | 1.1.3 | 1.24 | 1.08 |
| Manupaktura | 22.26 | 24.49 | 22.49 | 22.76 | 23.46 |
| Konstruksyon | 5.05 | 4.95 | 6.05 | 6.49 | 5.64 |
| Utilities | 3.10 | 3.05 | 3.11 | 2.97 | 3.02 |

*Pinagkunan: National Statistical Coordination Board*

1. Tungkol saan ang talahanayan? Ano ang ipinakikita nito? ________________________________________________________________________________________________________________________

2. Alin sa mga subsector ng industriya ang pinakamalaking bahagdan ng produksyon? Bakit kaya? ______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Alin kaya ang may pinakamaliit na bahagdan ng produksyon? Bakit ? ________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Paano kaya mapapataas pa ng ating ekonomiya ang iba pang subsector ng industriya? Magmungkahi ng mga hakbang. ______________________________

_______________________________________________

_______________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang industriya ang sector ng ekonomiya na namamahala sa pagproproseso ng mga hilaw na material upang ito ay maging isang produkto o serbisyo na ibinebenta sa pamilihan
- Nahahati sa mga sumusunod ang sector ng industriya : a) pagmimina, b)pagmamanupaktura, c) konstruksyon at d)utilities tulad ng elektrisidad, gas at tubig.
- Kung masigla at maunlad ang sektor ng industriya, mas makalilikha ang ekonomiya ng mga kapakipakinabang na mga produkto at serbisyo para sa mga mamamayan.
- Ang sector ng pangangalakal ay tumutukoy naman sa mga kalakalang panlabas at panloob na maaring nasa anyo ng kalakalang pagtitingi o panlahatan.
- Mahalaga ang kalakalang panloob sapagkat nagbibigay ito ng hanapbuhay sa maraming manggagawa at nakatutulong sa pagbili ng mga produktong industriyal at agricultural.




**Gawain 3: Paglalapat**

Gumawa ng isang collage sa 1/4 cartolina na nagpapakita ng iba't ibang Gawain sa loob ng sector industriya at kalakalan. Pagkatapos ay gumawa rin ng maikling sanaysay sa paksang " Bakit mahalagang paunlarin ang sector ng industriya at kalakalan ng bansa?". Isulat sa bond paper.

## ARALIN 4
## DAHILAN AT SULIRANING NG SEKTOR INDUSTRIYA AT PANGANGALAKAL



Ngayong lubusang mo nang nauwanaan ang bumubuo at kahalagahan ng sektor industriya at pangangalakal, tingnan naman nating ang mga sulrianing kinakaharap ng sector na ito. Bagamat masasabing aktibo ang ektor ng indstriya at panagngalakal, ito ay nahaharap din sa ilang mga hamon at suliraning. Ito matutunghayan natin sa araling ito. Bahagi rin ng aralin ang pagtataya sa mga programa at patakaran ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliranin.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. naatalakay ang mga suliraning kinakaharap ng industriya at pangangalakal
2. nausuri ang mga dahilan at epekto nito
3. naitataya ang mahahalagang programa at patakaran upang malutas ang mga suliranin gn sector industriya at pangangalakal



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**



Saan mo maiuugnay ang mga larawan? Ano anong mga Gawain ang ipinapakita nito? Ano kaya ang mga kaugnay na suliranin sa mga gawaing ito**?**

Upang maunawaan natin kung gaano ang kakayahan ng ating sector industriya na tugunan ang mga pangangailangan sa produksyon, mahalaga na matunghayan muna natin ang iba't ibang uri ng produksyon sa industriya. Ito ang mga sumusunod: (Ekonomiks para Filipino, Edisyon 2002, IBON)

a. Maliitang produksyon at may kabuhayang nakasasapat sa sarili. Halimbawa ay ang mga mananahe, sapatero gumagawa ng mga sirang kagamitan, mga talyer. Pangkaraniwan na mismong may-ari rin ang gumagawa at may taglay na kasanayan sa produksyon at maaring nag-eempleyo lamang ng ilang manggagawa. Sa kaslaukuyang mababang antas lamang ang produksyon nito. LImitado ang capital ng mga namumuhunan at nahihirapan silang makautang ng dagdag na capital mula sa bangko kung kaya't mabagal ang pagunlad ng negosyo. Ang maliliit na kinikita ay kadalasang napupunta lamang sa pagbili ng materyales o sahod ng kanilang mga manggagawa.

b. Katamtaman Hanggang sa Malakihang produksyon. Ito ay binubuo ng mga katamtamang laki ng negosyo na ang may-ari ay kadalasang tumatayo ring tagapangasiwa ng negosyo. Ito ay kadalasang kinabibilangan ng mga gawaing mabusisi ang proseso. Kadalasan ay manwal ang paggawa at bihirang mekanisado ang produksyong nagaganap. Hindi makabago ang mga pamamaraan dito, subalit sa ilang kaso ay gumagamit rin ng relatibong modernong teknolohiya na kailangan para sa produksyong pang eksport.

c. Ilang Gawaing Pagmamanupaktura. Matatagpuan dito ang mga negosyong katamtaman hanggang sa malaki kung susukatin sa antas ng capital ng paggawa. Sinasabing may relatibong antas ng mekanisasyon sa produksyon, subalit karaniwang assembly line and tipo ng produksyon. Maari ring matagpuan dito ang mga industriyang kinatatangian ng mababang pagproproseso ng hilaw na materyales gaya ng paggawa ng banana chips at iba pa.

d. Produksyong mala-industriyal. Sa antas na ito, masasabing may naabot na ito na antas ng integradong mekanisasyon. Ang karaniwang tungkulin ng mga manggagawa rito ay mapanatili at patakbuhin ang mga makina sa produksyon. Subalit hindi buo ang proseso ng produksyong matatagpuan dito. Kadalasan ay pagaasembol at repackaging lamang ng mga imported na sangkap ang gawaing makikita sa mga negosyong kabilang dito.Bagamat mataas ang mekanisasyon at teknolohiya ng ganitong produksyon, masasabing ang kontribusyon lamang sa produksyon at ang lakas paggawa.

Sa kabuuan makikita na ang simpleng pagproseso lamang ng mga produktong ginagamit sa araw araw ang kayang gampanan ng sector industriya. Isa pang maaring kahinaan ng ating sector ay ang higit na pagtuon sa pangangailangan ng pamilihang eksport and hindi para sa local na pagkonsumo. Isa sa mga suliraning kinakaharap ng ekonomiya ang kawalan ng sapat na

kakayahan na lumikha ng mga produktong intermedya. Nagdedepende tayo sa imported na makina at teknolohiya, kasangkapan at kemikal sa paggawa ng mga produkto. Napakarami ang mga dayuhang nakikiisa sa sector ng industriya sa ating bansa kayat kadalasan ay natatalo sa kompetisyon ang mga local na namumuhunan bunga na rin ng kawalan ng capital at mababang produktibidad.

**Epekto ng Industriyalisasyon**

Sa pagnanasang mapataas ang produksyon sa sector industriya, nagsasagawa ng industriyalisasyon ang ating ekonomiya. Subalit makikita natin na marami ring limitasyon at suliraning dulot ito. Una, Ang malawakang paggamit ng teknolohiya laban sa paggawa ay nakapagdudulot ng pagkawala ng mga hanapbuhay lalong lalu na ang mga manggagawang walang kasanayan; Ikalawa,lumalaki ang utang panlabas ng bansa bunga na rin ng paggasta na kailangan sa programang industriyalisasyon; Ikatlo, nagdudulot ng polusyon at pagkasira ng kapaligiran ang masyadong mabilis na industriyalisasyon.

Kasabay ng pagsulong industrialisasyon, ay ang mga suliraning kinakaharap din ng sector ng pangngalakal. Pangunahing sa suliraning ito ay ang 1) patuloy na pagiging palaasa ng ekonomiya sa kalakalan at 2) pagpapanatiling balanse ng kalakalan. Ang pagiging palaasa ng ekonomiya sa kalakalang panlabas ay hindi nakakatulong sapagkakat dahil dito nagdedepende rin ang presyo ng mga bilihin sa presyong panlabas. Malaki ang epekto sa ating mga produktong inilalabas ang mga pabago bagong takbo ng kalakalang panlabas. Ang balanse ng kalakalan ay nakakaapekto rin. Mabuti ang balanse ng kalakalan kung mas malaki ang iniluluwas kaysa inaangkat na produkto. Kung mas malaki ang iniaangkatkaysa iniluluwas, nagiging suliranin ito dahil mangangailangan ang bansa ng karadagang pondo upang mapunan ang kakulangan. Sa kalagayan ng Pilipinas, nagiging mas mataasang iniaangkat dahil na rin s apangangailangan ng mga imported na produkto na gagamitin sa industriya. Kung wala nang kaukulang pondo, pati ang reserba salapi ng bansa ay nagagamit para dito.

Kung titingnan ang talaan ng mga produktong ating inaangkat, mapapansing nangunguna na ang petrolyo at mga kaugnay nito, mga bakal at mga sangkap na kailangan sa pagbuo ng mga mabibigat na makinarya at kasangkapan. KInakailangan din natin ng mga produktong kemikal, mga sasakayan, pataba at maraming pang iba. Ito lahat halos ay gamit natin sa produksyon sa industriya.

**Mga Patakaran at Programa upang Mapaunlad ang Sector Industriya at Pangangalakal**

Nilalayon ng pamahalaan na mapunlad ang sector industriya at pangangalakal bunga na rin ng kahalagahan nito sa ekonomiya. Siniskap ng pamahalaan na mapaunladang maliliit at katamtamang laking industriya dahil na rin sa kahalagahan nito sa pagbibigay ng empleyo sa maraming tao sa bansa. Dahil dito, may mga lugar na itinalaga ang pamahalaan na tinatawag na Regional Industrial Development Center ( RIDC) na ang layunin ay mapaunlad ang mga piling lugar na magiging sentro ng industriya sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ipinalalagay na ang programamg ito ay makatutulong upang mapataas ng bansa ang antas ng ekonomiya at maging isa itong Newly industrialized country o NIC. Naglagay rin ng mga pook pamilihan sa iba't ibang lugar sa Pilipinas tulad ng Zamboanga, pampanga, Iloilo at iba pang lugar upang maitaguyod ang kalakalang panloob. Upang matulungan naman ang mga maliliit na namumuhunan inilunsad din ang programang "Tulong sa Tao" Dito maaring humiran ng capital ang sino mang nagnanais magnegosyo ukol sa produksyon ng pananamit, sapatos, metal at mga produktong gawa sa leather. May assistance ding binibigay ang pamahalaan sa pagpapaunlad ng industriya ng mga sasakyan , papel at mga produktong gawa sa kahoy at kawayan.

Sa pandaigdigang kalakalan, nagging mapursigi ang pamahalaan sa pakikilahok ng Pilipinas sa Wold Trade Organization (WTO). Naniniwala ang PIlipinas na higit na lumaki ang pagkakataon ng bansa na makipagkalakalan sa

pandaigdigang pamilihan at maganyak ang mga local na tagagawa na maging mahusay at maipakita ang kakayahan sa larangan ng kainamang kapakinabangan kung makikibahagi ang ating bansa dito. Bagamat marami rin ang sector na natatakot sa maaring maging epekto nito sa mga local na namumuhunan at manggagawa, aktibong nakikibahagi pa rin an gating bansa sa WTO.

Maraming pinasang batas batas ang pamahalaan naglalayong mapaunlad ang sector ng industriya at pangangalakal. Bagamat may naniniwala na ang ilang sa mga batas na ito ay hindi mabuti sa mgaFilipino, ipinasunod ng pamahalaan sa paniniwalang ito ang magsusulong ng pag-unlad ng ekonomiya. Ilan dito ay ang mga sumusunod:

1. Executive order No. 182 na nagbubukas sa iba pang aspeto ng pamumuhunan na dati-rating nakalaan lamang sa mga Pilipino
2. pagsuspinde sa kwalipikasyon ng nasyunalidad sa mga institusyong *multilateral*
3. pagbabago sa *Build-Operate-Transfer Law* na nagpapahintulot sa operasyon ng mga dayuhang mamumuhunan sa sector ng edukasyon, pasilidad sa kalusugan, *solid waste management* at iba pa
4. Executive Order No. 185 na nagpapalawak ng kompetisyon sa sector ng pagbabarko
5. Liberalisasyon ng sistema ng pagbabangko
6. Pagsasapribado ng sector ng telekomunikasyon

Upang mahikayat ang pagkakaroon ng mataas na pamantayan ng kalakal at paglilingkod, itinatag din ng pamahalaan ang Bureau of Products Standards sa ilalim ng Department of Trade and Industry.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Tukuyin kung ang mga sumusunod na produksyon ay nabibilang sa **(a)** Produksyong mala-industriyal, **(b)** Maliitang produksyon, **(c)** Katamtaman Hanggang sa Malakihang produksyon, at **(d)** Ilang gawaing pagmamanupaktura.

_________ 1. Pagawaan ng asero
_________ 2. Pabrika ng pagkaing de lata
_________ 3. Gumagawa ng sirang payong
_________ 4. Pabrika ng kimikal
_________ 5. Pagawaan ng relo
_________ 6. Paggawaan ng air conditioner
_________ 7. Talyer sa paggawa ng sirang sasakyan
_________ 8. Paggawaan ng sirang sapatos
_________ 9. Patahian ng damit
_________ 10. Pabrika ng mga gulong ng sasakyan

B. Sagutin nang may paliwanang ang mga tanong:

1. Magbigay ng limang suliraning kinakaharap ng sector industriya at pangangalakal. ______________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Ipaliwanang kung bakit kaya ang sector na ito ay nahaharap sa ganitong suliranin ________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Sa iyong palagay, ano kayang programa ang dapat ipatupad ng pamahalaan upang mapaunald pang mabuti ang sektor ng industriya at pangangalakal ______________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Mayroong iba'tibang uri ng produksyon sa industriya. Ito ay ang mga ss: Produksyong mala-industriyal, Maliitang produksyon, Katamtaman Hanggang sa Malakihang produksyon, ilang gawaing pagmamanupaktura..
- Simpleng pagproseso lamang ng mga produktong ginagamit sa araw araw ang kayang gampanan ng sector industriya sa Pilipinas
- Ang ilan sa mga suliraning dala ng industriyalisasyon ay ang: Una, Ang malawakang paggamit ng teknolohiya laban sa paggawa ay nakapagdudulot ng pagkawala ng mga hanapbuhay lalong lalu na ang mga manggagawang walang kasanayan; Ikalawa,lumalaki ang utang panlabas ng bansa bunga na rin ng paggasta na kailangan sa programang industriyalisasyon; Ikatlo, nagdudulot ng polusyon at pagkasira ng kapaligiran ang masyadong mabilis na industriyalisasyon.
- Nilalayon ng pamahalaan na mapunlad ang sector industriya at pangangalakal bunga na rin ng kahalagahan nito sa ekonomiya. Sinisikap ng pamahalaan na mapaunlad ang maliliit at katamtamang laking industriya dahil na rin sa kahalagahan nito sa pagbibigay ng empleyo sa maraming tao sa bansa



**Gawain 3: Paglalapat**

Gumawa ng maikling pananaliksik / Case analysis tungkol sa uri ng pamumuhunan sa PIlipinas. Mag-aral ng isang tiyak na produkto at tukuyin ang mga sumusunod:

1. Paano naitatag
2. Sino ang nagtatatg
3. Paano naitatag
4. Mga suliraning kinakaharap



## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang sector ng agrikultura ang nagtataguyod sa malaking bahagi ng ekonomiya na umaasa sa agrikultura upang matugunan ang suplay ng pagkain ng bansa at mga hilaw na kagamitan na kailangan sa industriya.
- Ang sector ng agrikultura ay binubuo ng paghahalamanan, paghahayupan, pangingisda at panggugubat.
- Mahalaga ang sector ng agrikultura dahil:
    - Ang agrikultura ay pangunahing pinagmulan ng hanapbuhay
    - Pinagkukunang ng pagkain at gamit material sa industriya
    - Nagsisilbing market o pamilihan sa produkto ng industriya
    - Pinagkukunan ng kitang panlabas
    - Pinagkukunan ng tulong ng ibang sektor
- Ang mga suliraning kinakaharap ng sector agrikultura ay ang mga sumusunod:
    - Mabilis na Pagkaubos ng mga likas na yaman lalung lalo na ng kagubatan
    - Pagbibigay Prayoridad sa sector Industriya
    - Sistema ng Pagmamay-ari ng mga lupaing pansakahan
    - Pangangailangan sa Paggamit ng Teknolohiya
    - Kakulangan ng mga pasilidad at imprastraktura sa kabukiran
    - Kakulangan ng suporta ng iba pang sektor
- Ang mga proyekto ng pamahalaan kaugnay ng agrikultura ay pinamamahalaan at ipinatutupad ng mga ahensiya ng pamahalaan tulad ng Department of Agriculture (DA), Department of Agrarian Reform (DAR), Department of Environment and Natural Resources (DENR), Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), National Irrigation Administration (NIA), National Food Authority (NFA) at iba pang ahensya.

- Ang industriya ang sector ng ekonomiya na namamahala sa pagproproseso ng mga hilaw na material upang ito ay maging isang produkto o serbisyo na ibinebenta sa pamilihan
- Nahahati sa mga sumusunod ang sector ng industriya : a) pagmimina, b)pagmamanupaktura, c) konstruksyon at d)utilities tulad ng elektrisidad, gas at tubig.
- Kung masigla at maunlad ang sektor ng industriya, mas makililikha ang ekonomiya ng mga kapakipakinabang na mga produkto at serbisyo para sa mga mamamayan.
- Ang sector ng pangangalakal ay tumutukoy naman sa mga kalakalang panlabas at panloob na maaring nasa anyo ng kalakalang pagtitingi o panlahatan.
- Mahalaga ang kalakalang panloob sapagkat nagbibigay ito ng hanapbuhay sa maraming manggagawa at nakatutulong sa pagbili ng mga produktong industriyal at agricultural.
- Mayroong iba'tibang uri ng produksyon sa industriya. Ito ay ang mga ass: Produksyong mala-industriyal, Maliitang produksyon, Katamtaman Hanggang sa Malakihang produksyon, ilang gawaing pagmamanupaktura..
- Simpleng pagproseso lamang ng mga produktong ginagamit sa araw araw ang kayang gampanan ng sector industriya sa Pilipinas
- Ang ilan sa mga suliraning dala ng industriyalisasyon ay ang: Una, Ang malawakang paggamit ng teknolohiya laban sa paggawa ay nakapagdudulot ng pagkawala ng mga hanapbuhay lalong lalu na ang mga manggagawang walang kasanayan; Ikalawa,lumalaki ang utang panlabas ng bansa bunga na rin ng paggasta na kailangan sa programang industriyalisasyon; Ikatlo, nagdudulot ng polusyon at pagkasira ng kapaligiran ang masyadong mabilis na industriyalisasyon.
- Nilalayon ng pamahalaan na mapunlad ang sector industriya at pangangalakal bunga na rin ng kahalagahan nito sa ekonomiya. Sinisikap ng pamahalaan na mapaunlad ang maliliit at katamtamang laking industriya dahil na rin sa kahalagahan nito sa pagbibigay ng empleyo sa maraming tao sa bansa



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang nabibilang sa sector industriya?
   A. paghahalaman.
   B. paghahayupan.
   C. pagsasaka.
   D. pagmimina.

2. Sa anong sector nabibilang ang mga produktong primarya, o mga likas na produkto at hilaw na sangkap na galling sa kalikasan at hindi pa dumadaan sa pagproproseso?
   A. agrikultura.
   B. industriya.
   C. pangangalakal.
   D. serbisyo.

3. Itinatag ng Batas Republika Bilang 7307 ang Philippine Carabao Center upang
   A. magsaliksik kung paano magkakaroon ng iba't ibang breed ng kalabaw.
   B. maparami at mapaunlad ang populasyon ng kalabaw bilang katulong sa pagsasaka.
   C. mapigilan .ang sobrang pagdami ng kalabaw sa bansa
   D. upang maihanap ng alternatibong gamit ang kalabaw kung traktora na ang gagamitin sa pagsasaka.

4. Alin sa mga sector ang namamahala sa pagproproseso ng mga hilaw na material upang ito ay maging isang produkto?
   A. agrikultura.
   B. industriya.
   C. paglilingkod.
   D. pangangalakal

5. Ano ang tungkulin ng sector ng pangangalakal?
   A. Sinsuplayan nito ng pagkain at mga hilaw na sangkap ang mga industriya..

B. Namamahala ang sector na ito sa sa pagproproseso ng mga hilaw na material upang ito ay maging isang produkto.
C. Ito ang sector na lumilikha ng serbisyo para sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa
D. Nangangalaga ito ng pagpapalitan ng mga kalakal at serbisyo sa loob at labas ng bansa.

6. Alin sa mga sumusunod ang suliraning sa sector industriya?
   A. Kakulangan ng mga pasilidad at imprastraktura sa kabukiran.
   B. Kakulangan ng suporta ng iba pang sektor
   C. Pagkaubos ng likas na yaman
   D. Kakulangan ng pondo o capital ng mga namumuhunan.

7. Bakit mahalaga ang sector ng pangangalakal?
   A. Ito ang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay.
   B. Ito ang pinagkukunan ng pagkain at gamit material sa industria.
   C. Ito ang pangunahing pinagkukunang ng kitang panlabas.
   D. Ito ang nagpapalago ng pagpapalitan ng mga kalakal .

8. Ang key production approach ay naglalayong
   A. Pagbibigay ng tulong paglilingkod sa mga magsasakang napiling benepisyaryo.
   B. Pagtatanim ng mga piling crops o produkto sa mga lupain.
   C. Pagbibigay tulong sa mga bentang kalakal ng mga magsasaka.
   D. Pagpapatayo ng mga pabrika sa malalapit sa lalawigan.

9. Ang lahat maliban sa isa ay ahensiya ng pamahalaan na tumutulong sa pagpapaunlad ng agrikultura
   A. BFAR.
   B. DENR.
   C. Department of Agriculture.
   D. World Trade Organization.

10. Alin sa mga sumusunod ang nabibilang sa sector ng industriyal?
    A. konstruksyon.
    B. pagtitingi.
    C. pagsasaka.
    D. Paglilingkod.

11. Alin sa mga uri ng pangingisda ang may pinakamalaking naitala sa kabuuang produksyon ng pangisdaan sa Pilipinas?
    A. Pangingisdang komersyal.
    B. Pangingisdang munisipal.
    C. Pangingisdang aquaculture
    D. Pamamansing.

12. Naniniwala ang PIlipinas na higit na lumaki ang pagkakataon ng bansa na makipagkalakalan sa pandaigdigang pamilihan at maganyak ang mga local na tagagawa na maging mahusay at maipakita ang kakayahan sa larangan ng kainamang kapakinabangan kung makikibahagi ang ating bansa dito
    A. World Bank.
    B. International Monetary Fund.
    C. Wold Trade Organization (WTO). .
    D. Pandaigdigang Kalakalan.

13. Saang antas o uri ng produksyon nabibilang ang paggawa ng mga air conditioner?
    A. Produksyong mala-industriyal.
    B. Maliitang produksyon.
    C. Katamtaman Hanggang sa Malakihang produksyon.
    D. ilang gawaing pagmamanupaktura.

14. Ang pagtatatag ng Regional Industrial Development Center (RIDC) ay naglalayong:
    A. mapalakas ang produksyon ng agrikultura at industriya sa ilAng piling lugar
    B. mapaunlad ang mga piling lugar na magiging sentro ng industriya sa iba't ibang bahagi ng bansa.

C. Makapagtayo ng mas maraming pabrika sa bansa.
D. Lahat ng nabanggit.

15. Alin sa mga sumusunod ang suliraning kinakaharap ng industriya?
B. Maraming dayuhang namumuhunan ang kakompetsiyon ng mga local na namumuhunan
C. Kakulangan ng dolyar at pananalApi na pantustos sa sangkap na inaangkat sa labas.
D. Kakulangan ng kakayahan ng mga Filipino sa paggawa.
E. Lahat ng nabanggit

16. Alin sa mga sumusunod ang maituturing na suliraning dulot ng industriyalisasyon?
A. lumalaki ang utang panlabas ng bansa bunga na rin ng paggasta na kailangan sa programang industriyalisasyon.
B. Lalong lumalawak ang mga lupaing nasasakop ng mga panginoong may lupa.
C. Nababawasan ang mga produktong ating nailalabas bunga ng industriyalisasyon.
D. Tumatatas ang bilang ng mga manggagawa sa bansa.

17. Isang programa ng pamahalaan na naglalayong mabago ang systema ng pagmamay-ari ng lupain at mapaunlad ang buong istruktura o kaayusan ng pagsasaka
A. Gintong Ani.
B. Key production Approach.
C. Malayang Kalakalan.
D. Repormang Pansakahan

18. Bakit mahalaga ang sector ng industriya?
   A. Ito ang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay.
   B. Ito ang pinagkukunan ng pagkain at gamit material sa industria.
   C. Ito ang pangunahing pinagkukunang ng kitang panlabas.
   D. Ito ang lumilikha ng mga tapos na produkto na tumutugon sa pangangailangang Filipino

19. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang watso?
   A. Mahalaga ang teknolohiya sa pagsulong ng ekonomiya
   B. Nakasasagabal ang teknolohiya sa pagpapaunlad ng ekonomiya
   C. Hindi angkop ang makabagong teknolohiya sa umuunlad na bansa tulad ng Pilipinas
   D. Maari lamang ang teknolohiya kung idnustriyalisado na ang isang Bansa

20. Mahalaga na itaguyod ang mataas na pamantayan ng kalakalan kaya itinatag ng pamahalaan ang
   A. Bureau of Products Standards
   B. World Trade Organization
   C. Department of Trade and Industry
   D. Bangko Sentral ng Pilipinas



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSUSLIT**

| | |
|---|---|
| 1. A | 11. A |
| 2. D | 12. D |
| 3. A | 13. A |
| 4. C | 14.A |
| 5. A | 15. C |
| 6. D | |
| 7.C | |
| 8. D | |
| 9. B | |
| 10. A | |

**PANGHULING PAGSUSULIT**

| | |
|---|---|
| 1. D | 11. C |
| 2. A | 12.C |
| 3. B | 13.C |
| 4. B | 14.B |
| 5. D | 15. A |
| 6. D | 16. A |
| 7. D | 17. D |
| 8. A | 18. D |
| 9. D | 19. A |
| 10. A | 20. A |